# DORY'S DISINFECTANTS

Amoy bagong ligo ang bahay ni Ma'am Dory mula sa tarangkahan. Dumating na ang unang batch ng sabon—magkahalong bareta na nakakahon at likidong nakabote. Patong-patong ang mga ito sa tabi ng isang pader kung saan may nakasabit pang banner na "We'll miss you!" ang nakasulat sa makukulay na letra.

Kasama ang kaniyang pamangkin, inaayos nila ang ilang piraso ng mga sabon at bote sa mesa para kunan ng litrato.

"Itabi mo pa nang konti, Tiyang," mungkahi ni Elsa. "Parang ang layo sa bulaklak e."

Iba't ibang posisyon ang sinubukan nila. May nakapaibabaw sa tuwalya, nakapatong sa plato, at nakaposisyon sa kamay. Namili siya ng ilan dito at mabilis na in-upload ni Elsa sa kagagawa pa lang na social media page ng Dory's Disinfectants.

"Mag-aantay lang tayo ng order, Tiyang. Pero kailangan, i-share mo rin sa mga co-teacher mo 'yang post. Lahat ngayon ay gumagamit ng sabon at disinfectant. Siguradong maraming o-order!" paalala ni Elsa.

“Paano ko nga ba ulit gagawin ‘yon?” nakakunot-noong tanong ng Tiyahin.

“Dito sa page ng produkto …” muling inulit ni Elsa kung paano maibabahagi ang balita tungkol sa bagong negosyo.

“Kaya nga ako nag-early retirement, e. Ayokong humawak ng kompyuter na ‘yan. Sumasakit ang ulo ko sa online-online,” singit ng kaniyang tiyahin habang itinuturo niya ang proseso.

“Malapit ka na rin naman mag-retire, Tiyang. Napaaga lang ang pagpapahinga mo,” nakangiting tugon ni Elsa.

Hindi ngumiti ang kausap.

“Abangan ninyo na lang po ‘yong mag-te-text sa telepono. Ako na po ang bahala sa online orders,” dugtong nito.

Sa sinabi ni Elsa, tumango at tumayo ang kaniyang tiyahin at nilapitan ang study table na nag-uumapaw sa ilang dekadang libro at papel. Nagsimula itong magligpit at magsalansan ng mga naipong gamit sa pagtuturo sa mga kahon na kanina’y sabon ang laman.